Online ISSN: 3082-5121
Aloysian Interdisciplinary Journal of Social Sciences, Education, and Allied Fields
https://journals.aloysianpublications.com
Volume 1 Issue 8 (2025)

Mga Katutubong Kuwento: Kagamitang Pampagtuturo Sa Ikapitong Baitang Ng Sekundarya Ng Lagawe, Ifugao

Neomi Dinamling-Takinan
Ifugao State University
nhemz2015@gmail.com

Alicia B. Binwag
Ifugao State University
liciabinwag@gmail.com

Publication Date: August 25, 2025 DOI: 10.5281/zenodo.17045446

Abstract

Ang pag-aaral na ito ay may layuning tipunin ang mga katutubong kwento ng Lagawe, Ifugao at pagkatapos ay inuri ang mga ito. Isinalin ang mga ito sa wikang Filipino at sinuri ang kultura, aral at kahalagahan ng mga ito. Mula sa mga tinipong katutubong kwento ay nakabuo ang mananaliksik ng isang kagamitang pampagtuturo na maaaring gamitin sa paaralan para sa ikapitong baitang ng sekundarya sa Lagawe, Ifugao.
Gumamit ng kwalitibong uri ng pananaliksik particular sa etnograpiyang pamamaraan kung saan nakapanayam ng mananaliksik ang walong impormante ng Lagawe, Ifugao na pinagmulan ng mga datos.

Batay sa resulta ng pag-aaral, napag-alamang maaaring uriin ang mga katutubong kuwento sa kwentong bayan, alamat, mito at pabula. Napag-alaman ding ang mga ito ay naglalaman ng mga kultura at paniniwala ng mga tao sa Lagawe, Ifugao katulad ng mga paniniwala sa diyos, diyosa at mga anito.

Kinapapalooban din ang mga ito ng mga aral at kahalagahan tulad ng katapangan, kasipagan, pagmamahalan at pagkakaisa.

Ang mga katutubong kwento ay ginamit upang makabuo ng isang kagamitang pampagtuturo sa panitikan. Ito ay isang kagamitang pampagtuturo para sa ikapitong baitang ng sekundarya sa Lagawe, Ifugao bilang basehan upang mapag-aralan ang ibang katutubong kuwento o katutubong panitikan na matatagpuan sa iba pang munisipalidad sa lalawigan ng Ifugao.

Keywords*: Kagamitang Pampagtuturo, Kultura, Aral, Kahalagahan*

INTRODUCTION

Isa ang panitikan sa mga pinagbabatayan ng pagkakaroon ng tagumpay at kabiguan ng isang bansa at ng ugnayan ng mga bansa. Ito ang nagsisilbing salamin nila sa buhay. May kaakibat na kahalagahan ang panitikan para sa isang tao. Isa itong uri ng mahalagang panlunas na tumutulong sa mga tao upang makapagplano ng sari-sariling mga buhay, upang matugunan ang kanilang mga suliranin at upang maunawaan ang diwa ng kalikasan ng pagiging makatao. Maaaring mawala o maubos ang mga kayamanan

Online ISSN: 3082-5121
Aloysian Interdisciplinary Journal of Social Sciences, Education, and Allied Fields
https://journals.aloysianpublications.com
Volume 1 Issue 8 (2025)

ng isang tao at maging ang kanyang pagiging makabayan subalit hindi ang panitikan. Isang halimbawa ang pagdadayuhan ng ibang tao sa ibang bansa. Bagaman nilisan nila ang kanilang bansang sinilangan, ang panitikan ang kanilang tulay sa naiwan nilang bansa (Chauhan, 2015). Maaari nilang sariwain ang kanilang ala-ala sa kanilang bansa kung mababasa nila ang mga panitikang nagpapaalala sa nakaraan nila. Makakaramdam sila ng pananabik na balikan ang bansa sa tulong ng mga panitikan.

Sa pinakapayak na paglalarawan, ang panitikan o panulatan ay ang pagsulat ng tuwiran o tuluyan at patula na nag-uugnay sa isang tao. Subalit magkakaiba ito mula sa ibang mga walang saysay na babasahin o patalastas lamang. Ang mga panitikan ay ang mainam na pagsulat na may anyo, pananaw at diwang nakasasanhi ng matagal na pagkakawili at gana. Samakatwid, may hugis, may punto de bista at nakapagpapahaba ng interes ng mambabasa ang isang sulating pampanitikan. Nagsasalaysay ng buhay, pamumuhay, lipunan, pamahalaan, pananampalataya at mga karanasang kaugnay ng iba't ibang uri ng damdamin tulad ng pag-ibig, kaligayahan, kalungkutan, pag-asa, pagkapoot, paghihiganti, pagkasuklam, sindak at pangamba. Ito ang isang dahlan kung bakit pinag-aaralan ang mga literatura sa mga paaralan.

Ang panitikan ay nagbibigay ng kasiyahan at kakaibang libang sa tagapakinig at mambabasa. Ito ay nakakaluwag sa isipan ng isang tao sa panahon ng problema o kalungkutan. Ang paglalaan ng oras upang mag-aral ng panitikan ay nakakatulong upang maging masigla ang isang mambabasa sa pagkamit ng tagumpay na inaasam-asam. Ang kapangyarihan ng panitikan na magbigay ng ligaya at libang sa mambabasa ay isang pinakamainam na dahilan upang mabuhay ang isang tao (Ross, 2010). Ito ay nagsisilbing libangan nila sa mga oras na walang ginagawa. Sa pamamagitan ng pagbasa ng mga nakalathalang sulatin, maaari nilang maaliw ang sarili at makalimutan ang anumang problema na bumabagabag sa kanilang isipan.

Ang panitikan ay nakagagawa at nakakapagbibigay ng iba't ibang karanasan lalo na sa mga mag-aaral. Maaaring lumawak ang kanilang isipan sa pamamagitan ng mga karanasan. Makakapunta sila makapunta sa ibang lugar, makaranas ng panibagong mga karanasan o di kaya ay makipagkilala sa ibang tao. Matutunan at maiintindihan nila ang iba't ibang uri ng kultura ng mundo. Makatutuklas din sila ng mga karaniwang mithiin at emosyon sa ibang tao sa ibang lugar.

Nakakatulong ang panitikan para sa paglutas ng mga pansariling problema. Sa pamamagitan ng pag-aaral sa mga problemang ito, maaari silang mag-isip ng mga paraan para malutas nila ang kanilang mga nais tuklasin.

Sa pagtuturo ng panitikan, kinakailangan itong lakipan ng mga iba't ibang kagamitang pampagtuturo upang maging epektibo ang kalalabasan nito. Mas maintindihan ng mag-aaral ang itinuturo ng guro sa tulong ng mga kagamitang may kaugnay sa paksa.

Nabanggit ni Heck (2014) na maganda ang relasyon ng pagtuturo ng panitikan sa pamamagitan ng paggamit ng kagamitang pampagtuturo. Ayon sa kanya, habang ang ilang guro ay naniniwala at nabibighani sa potensyal ng kagamitang pampagtuturo na umaasang makaragdag ito sa kaalaman ng iba sa pagtuturo, may ilan namang naniniwala na hindi kayang pukawin ng kagamitang pampagtuturo ang interes ng mga mag-aaral. Ang mga kagamitang pampagtuturo ay isang napakahalagang elemento ng sistema sa pagtuturo. Hindi lamang ito karagdagan sa aralin kundi karagdagan din ito sa proseso ng pagkatuto. Sa pamamagitan ng paggamit sa mga ito, mas maengganyo ang mga mag-aaral na tuklasin pa ang mga bagay-bagay na nais nilang malaman. Magkakaroon sila ng pagkakataon na ipahayag ang mga kaisipang nais nilang ibahagi.

Sa mga nakaraang dekada, nagkaroon ng ibayong pansin sa pangangailangan ng mga kagamitang pampagtuturo bilang pagsaalang-alang sa kapakanan ng mga mag-aaral at upang magkaroon ng makahulugan at mabisang pagtuturo at pagkatuto. Sa punto ng tradisyonal na pag-iisip, ang kagamitang

Online ISSN: 3082-5121
Aloysian Interdisciplinary Journal of Social Sciences, Education, and Allied Fields
https://journals.aloysianpublications.com
Volume 1 Issue 8 (2025)

panturo ay nabuo ayon sa paniniwala na sa pagtuturo dapat magsimula sa malinaw na layunin at pagtataya upang mataya kung balido ang layunin, nilalaman, at pagkatuto ng mag-aaral (Spivak, 2011). Sa madaling salita, ang kagamitang pampagtuturo ay dapat nakabatay sa mga kasanayang nais ipabatid ng guro sa mga mag-aaral.

Kaakibat ng guro ang iba't-ibang hamon sa tuwing haharap sa mga estudyante sa araw-araw na pagtuturo. Sa kasalukuyan, ang mga hamong ito ay hindi lamang nakakahon sa araling ituturo kundi sa estratehiyang naaangkop dito. Kung tatanawin, ang mag-isip ng isang partikular na estratehiya at dulog pampagtuturo ay isang mabigat na gawain para sa guro. Gayunpaman, gaano man kabigat ang gawaing ito ay patuloy pa rin ang mga guro sa pag-iisip, pagtuklas at walang humpay na pagsubok sa mga inobasyon sa larangang pedagojikal maiangat lamang ang kalidad ng pagkatuto sa bawat estudyante (Francisco, 2012). Kahit na nahihirapan ang isang guro, pinipilit pa rin niyang maghanap ng ibang paraan upang maging makabuluhan ang kanyang pagutuuturo sa mga mag-aaral. Malaki ang naitutulong nito sa mag-aaral dahil mas nauunawaan nila ang aralin sa tulong ng mga kagamitang inihanda ng guro.

Kaya sa pag-aaral na ito, umaasa ang mananaliksik na maiwasan ang prediksyon ng ilang antropolohiya na tuluyang mawala ang panitikan ng Ifugao at maipagpatuloy ang mga pag-aaral sa iba pang akdang pampanitikan ng Ifugao. Umaasa rin ang mananaliksik na magkainteres din ang ibang mga mananaliksik na alamin pa ang mga panitikan na makikita sa kanilang mga komunidad. Ang mga ito ay dapat maipreserba dahil ito ang sumisimbolo sa pagkakakilanlan sa isang tao.

Review of Related Literature

Mapapansin na ang mga tradisyonal na guro noon ay dumedepende sa mga araling nasa aklat lamang at pagbibigay ng mga ideya sa pagtuturo at pagkatuto. Ang gawaing ito ay tinatawag na *"chalk-talk"* na pamamaraan. Ngayon, ang makabagong teknolohiya ay nakagagawa ng mga kagamitan at kasangkapan na may layuning bawasan ang pagsasalita ng guro at gawing malinaw, nakakawili at mas madaling maintindihan ng mga mag-aaral (Onsanya, 2008). Nais nitong ipabatid na ang paraan ng pagtuturo ngayon any nakasentro sa mag-aaral lamang. Sa pamamagitan ng paggamit ng mga kagamitang panturo, mas madali at mas maganda ang magiging kalabasan ng anumang gawain ng mga mag-aaral.

Ayon sa pag-aaral na isinagawa ni (Jocson, 2005), na nabanggit sa disertesyon ni Binwag (2012), ang kagamitang panturo na bubuuin ay dapat maging kaaya-aya sa lahat ng pandama ng mag-aaral. Para maisakatuparan ito, kailangan na gumamit ng kagamitan sa pagtuturo na kinahihiligan ng mga estudyante upang maging kawili-wili ito sa mag-aaral. Ito ay nakakatulong upang pukawin ang pagkayamot ng mag-aaral sa isang aralin. Inaasahang makikilahok sila sa anumang gawaing inihanda ng kanilang guro.

Makikita sa pag-aaral na isinagawa ng Monroe Commission na pinahintulutan ng Batasang Pambansa sa pamamagitan ng Batas 3162 at 3196 na ang kakayahan ng guro, kawalan ng kalidad na kagamitang panturo at hindi sapat na kagamitan o pasibilidad ang mga pangunahing problema na nakakasira sa edukasyon dito sa Pilipinas. Hinihimok ang mga guro na maging mapamaraan sa pagbuo ng mga kagamitang panturo para sa mga mag-aaral. Ito ang dahilan kung bakit ang pamahalaan ay naglalaan ng mga seminar para sa mga guro. Umaasa ang pamahalaan na sa pamamagitan ng mga seminar na ito, mas mapalawak ang kaalaman ng mga guro at makabuo ng mas makabuluhang paraan sa pagtuturo.

Ipinakita ni Zepetnek (2010), ang kakayahang komunikatibo at mahalagang salik sa sosyokultural at iba't ibang sangkap na dapat isaalang-alang sa pagkakaroon ng epektibong pagpapahayag. Ano ngayon ang kaugnayan ng pananaw na nabanggit sa paghahanda ng pampagtuturo? Sa pagtuturo ng panitikan, dapat nating isaalang-alang ang mga apat na mahahalagang elemento o komponent: 1) mag-aaral- dapat alamin

Online ISSN: 3082-5121
Aloysian Interdisciplinary Journal of Social Sciences, Education, and Allied Fields
https://journals.aloysianpublications.com
Volume 1 Issue 8 (2025)

ang kanilang kasarian, edad, pangangailangan at iba pa, 2) guro- dapat ang guro ay may sapat na kaalaman sa kagamitan na gagamitin sa pagtuturo, 3) metodo sa pagtuturo- pumili ng metodo na makakapagpayaman ng interaksyon at kaalaman ng mga mag-aaral, 4) pagtataya o ebalwasyon- upang malaman kung naintindihan ba ng mag-aaral ang aralin o hindi. Kung maisaalang-alang ng guro ang mga ito, tiyak na magiging maganda ang kalalabasan ng anumang kagamitan sa pagtuturo na nais niyang gawin para sa mga mag-aaral.

Ayon kay Moretti (2013), ang kagamitang pampagtuturo ang kumokontrol sa pagtuturo at pagkatuto. Ang mga ito ay dapat na katulong sa pagkatuto ng mag-aaral. Ito ay magsisilbing pagmumulan ng mga ideya at mga gawain para sa pagtuturo at pagkatuto at maging gabay sa batayan o gabay ng guro sa mga gawain. Ang mga teknolohiya ay nagbibigay ng malawak na oportunidad para sa pagkatuto ng mga mag-aaral. Sa panahon na tinatawag nating *knowledge explosion*, ang mga guro sa makabagong panahon ay maaaring hindi maibigay lahat ang kailangang hinahanap ng kanyang mag-aaral. Katulad ng maraming bagong kasanayan at kaalaman na kailangan sa *curriculum development* at pagtataya, ang pedagohiya naman ang nilikha habang ginagamit ng guro at mag-aaral sa pananaliksik at pagkatuto.

Sa pandaigdigang kaukulan, napatunayan na kailangan ang mga kagamitang pampagtuturo para sa mabisa at mas madaling deliberasyon ng mga aralin para sa mga mag-aaral. Ito ay nagagamit lalo na sa pagtuturo ng panitikan. Sa mga henerasyon ngayon, mas maintindihan ng mga mag-aaral ang mga panitikang naituturo sa paaralan kapag ang guro ay gumagamit ng mga kagamitang pampagtuturo na angkop sa interes ng mga mag-aaral. Nakakatulong din sa guro na mas madali niyang maipaliwanag ang anumang aralain (Iwu, 2011).

Sa pahayag ni Soetan (2010), ang mga kagamitang pampagtuturo ay tumutukoy sa mga tsart, poster, guhit, cartoons, grap at iba pang disenyo. Ang grapika ay nagpapabatid ng malinaw na ideya sa pamamagitan ng kombinasyon ng mga guhit, salita at larawan sa isang aralin. Nakatutulong ito upang maisaisip ang buong konseptong natutunan at relasyon sa iba't ibang aralin. Ang mga ito ay nakakaakit sa paningin ng mga mag-aaral at nanghihikayat na lumahok sa anumang gawaing may kinalaman sa pag-aaral.

Sa pag-aaral namang ginawa ni Olawale (2013), nabanggit niya na ang kagamitang pampagtuturo ay anumang materyales na ginagamit sa pagtuturo ng anumang aralin sa paaralan. Ang mga kagamitang ito ay nagawa upang matulungan ang guro sa paglipat sa mga nabuong aralin at kasanayan sa pagtuturo. Tulad ng mga naunang nabanggit, ang mga ito ay naisagawa para sa kapakanan ng mga mag-aaral at guro.

Ayon naman kay Seth (2008), ang kagamitang pampagtuturo ay may angking kabutihan na naging kakaiba sa pagtuturo sa mga aralin partikular na sa panitikan. Nakapagbibigay ito ng nakawiwiling simulain upang maghatid ng impormasyon dahil ito ay nag-uudyok sa mga mag-aaral na tuklasin pa ang mga bagay na gusto nilang malaman. Isa pa ay nagbibigay ito ng oportunidad sa sariling pag-aaral na pumukaw sa interes at kyuryosidad sa isang aralin. Ang guro ay matutulungan sa mga mahihirap na aralin na maaaring humadlang sa epektibong pagtuturo niya sa aralin. Nagiging mas madali ang pagtuturo kung gagamitan ng mga kagamitang pampagtuturo. Ang mga ito ay hindi maaaring mawala sa sosyal at intelektwal na pagsulong at pagkatuto ng mga mag-aaral.

Nabanggit din ni Agbulu (2011), na mahalaga ang mga kagamitang pampagtuturo sa paglipat ng mga impormasyon sa mag-aaral, pagpapalawig ng mga kaalaman at karanasan, pasiglahin at buhayin ang interest ng mag-aaral upang malagpasan ang hadlang o limitasyon sa paglalahad ng mga paksang aralin at iba pa.

Online ISSN: 3082-5121
Aloysian Interdisciplinary Journal of Social Sciences, Education, and Allied Fields
https://journals.aloysianpublications.com
Volume 1 Issue 8 (2025)

May ibang mga mag-aaral na mas naiintindihan ang aralin kung ang guro ay mapamaraan sa pagtuturo. Ang mga paraang ito ay nababatay sa mga kagamitang pampagtuturo na binuo ng guro.

Sa pahayag ni Adewale (2010), kasali ang mga bagay-bagay o serbisyong ginagamit sa pag-aaral upang mapunan ang mga nakasulat o mga nasabing salita sa paglipat ng kaalaman, saloobin at ideya. Ang mga ito ay kagamitan na tumutulong upang mapadali ang pagtuturo at pag-aaral para maging makabuluhan ang layunin na gustong makamit ng guro at mag-aaral. Nakakatulong ito upang maging makahulugan at makatotohanan ang pagtuturo at pag-aaral.

Sa pag-aaral ni Ogbu (2006), nabanggit niyang nakakatulong ang mga kagamitan sa pagtuturo upang malinang ng mga mag-aaral ang kanilang ideya sa pamamagitan ng paglikha ng mga makabuluhang layunin. Ang mga layuning ito ay humihimok sa mga mag-aaral upang ipagpatuloy nilang saliksikin pa ang mga ideya na may kaugnayan sa aralin. Sa medaling salita, ang kagamitang pampagtuturo ay nagpapadali, nagpapasigla at nakakatulong sa mag-aaral upang maging aktibo sa pakikipagtalastasan sa aralin na itninuturo ng guro. Nakakatulong din ito upang maintindihan ng mag-aaral ang modelo sa pagtuturo ng guro. Mas madaling maiugnay at maisip ng mag-aaral ang mga itinuturo ng guro dahil maaari nila itong mailarawan sa kanilang utak ang mga bagay na tinatalakay ng guro.

Malaki din ang naiaambag ng paggamit ng kagamitang pampagtuturo sa buhay ng isang guro. Ayon kay Ugwu (2008), nakakatulong ang kagamitang pampagtuturo sa guro dahil maaari niyang kontrolin ang mag-aaral sa pamamagitan ng pagpapakita ng mga larawang magagamit niya sa pagtuturo. Sa pagpasok pa lamang ng guro sa silid-aralan, inaabangan na ng mga mag-aaral ang paraan ng pagturo niya ng aralin. Kung maganda at kaaya-aya ang paraan niya ng pagtuturo, lahat ng mag-aaral ay makikinig at makikisali sa mga usapin sa pag-aaral at hindi nila mamamalayan na tapos na pala ang oras na laan sa kanilang asignatura.

Ayon naman kay Chima (2009), nakakatulong ang mga kagamitang pampagtuturo sa pag-unawa ng guro sa kanyang mga mag-aaral. Maipagmamalaki ng mga mag-aaral ang kanilang guro kung maganda at makabuluhan ang pagtuturo niya sa aralin. Maaari ding lapitan ng mga mag-aaral ang kanilang guro kung mayroong aralin na hindi nila maintindihan dahil alam nila na maganda ang paraan ng pagtuturo niya sa mga ito. Sa pamamagitan nito, mabuo ang tiwala ng mag-aaral na magaling at mapamaraan ang kanyang guro kaya maaari siyang magpatulong sa anumang aralin.

Nakakatulong din ang mga kagamitang pampagtuturo sa pagiging masining at malikhain ng isang guro. Sa pag-aaral ni Oluwate (2010), natututunan ng isang guro ang paglikha ng iba't ibang kagamitang pampagtuturo kung alam na niya ang pangangailangan ng mag-aaral. Madali siyang makabuo ng mga kagamitang kung alam niyang nababagay ito sa lebel ng mga mag-aaral. Ipinapakita nito na ang pinakamagandang paraan upang matupad ang makabuluhang pag-aaral ay nakasalalay sa pagkamailkhain ng isang guro dahil ito ang nagdadala ng kaayusan ng pag-aaral sa paaralan.

Bago pa man dumating ang mga dayuhan sa ating bansa, mayroon nang sining at panitikan ang mga sinaunang Pilipino. Karamihan sa mga ito ay mga pasalindila gaya ng pabula, alamat at mito. May ilan sa mga ito ang nakasulat o nakaukit sa mga piraso ng kawayan, matitibay na kahoy at makikinis na mga bato. Nagbuhat ang panitikan ng Pilipinas mula sa sari-saring mga lipon at pangkat ng mga taong dumating sa mga kapuluan nito. May pagkaka-agwat-agwat na dumating sa sinaunang Pilipinas ang mga Negrito, mga Indones, at mga Malay. Ang baybayin, ay isa sa mga pagpapatibay na mayroon nang sistema ng pagsulat at pasalita sa mga panitikan ng sinaunang Pilipino bago pa man dumating ang mga pangkat ng mga dayuhan nagmula sa Kanlurang bahagi ng mundo. Subalit karamihan sa mga naisulat na panitikang katha ng sinaunang mga tao sa Pilipinas ang nawala dahilan ng walang nagtala ng mga dokumentasyon o

Online ISSN: 3082-5121
Aloysian Interdisciplinary Journal of Social Sciences, Education, and Allied Fields
https://journals.aloysianpublications.com
Volume 1 Issue 8 (2025)

sinira ng mga mananakop. Sa kabilang dako, nangabulok at natunaw naman ang ibang naisatitik sa ibabaw lamang ng mga balat ng punong kahoy at mga dahon ng mga halaman.

Inilarawan ni Salazar (2008), ang panitikan bilang isang lakas na nagpapagalaw sa lipunan. Nabanggit niyang isa itong kasangkapang makapangyarihan na maaaring magpalaya sa isang ideyang nagpupumiglas upang makawala. Itinuturing niya itong kakaibang karanasang pantaong natatangi sa sangkatauhan. Ito ay nagpapakita na maaaring ilabas ng isang tao ang kanyang saloobin sa pamamagitan ng panitikan. Ang mga panitikang kanyang nailabas ay umiikot sa kanyang lipunan at tumutulong sa mga tao na intindihin ang anumang sitwasyon na bumabagabag sa kanilang sarili.

Isang paglalantad ang panitikan ng mga katotohanang panlipunan at kathang isip o guni-guni. Hinahaplos nito ang mga sensorya ng tao: ang pantanaw, pandama, panlasa at pandama. Binigyang diin ni Villafuerte (2013), ang katangian ng isang panitikan bilang isang buhay ngunit payak na salitang dumadaloy sa katawan ng isang tao. May buhay ang panitikan sapagkat may sarili itong pintig at dugong dumadaloy sa mga arteryo at bena ng bawat nilalang at ng isang buong lipunan. Ang panitikan ang pinagmumulan ng madamdaming emosyon sa isang tao o pangkat ng mga tao sapagkat sinulat ang mga ito ng kapwa tao.

Sa kasalukuyan, madali at magaan ang pamamaraan ng pagkalat at pagpapamudmod ng panitikan sa isang bansa. Ito ay dahil sa mga makabagong mga kaunlaran sa larangan ng teknolohiya. Bukod sa mga mga nasusulat na salita sa mga aklat, radio at telebisyon, kumakalat din ang panitikan sa pamamagitan ng mga elektronika tulad ng tape recorder, compact disk, plaka, VHS at computer. Ang mga ito ang nagsisislbing daan sa mabilis na pagtuklas sa mga panitikang nakasulat na. Sa pamamagitan ng paggamit ng mga kagamitang pampagtuturo, madaling maunawaan ng mga mag-aaral ang mga araling naituturo sa panitikan.

Sa programang K-12 dito sa Pilipinas, makikita ang kahalagahan ng paggamit ng mga kagamitang pampagtututro sa mga mag-aaral. Layunin ng pagtuturo na malinang ang kakayahang komunikatibo, replektibo o mapanuring pag-iisip, pagpapahalagang pampanitikan ng mga mag-aaral sa pamamagitan ng mga babasahin at teknolohiya tungo sa pagkakaroon ng pambansang pagkakakilanlan, kultural na literasi at patuloy na pagkatuto upang makaagapay sa mabilis na pagbabagong naganap sa daigdig**.**

Nabanggit ni Abad (2011), na ang kagamitang pampagtuturo tulad ng midyang isntruksyunal ay nagbibigay ng kongkretong pundasyon sa pagkatuto. Ang mga ito ay nagbibigay ng kongkretong pundasyon sa pagkatuto, tulad ng: a) nagbubunga ito ng wastong gawi sa pag-aaral, b) nakagaganyak ito sa kawilihan ng mga mag-aaral sapagkat higit na napasisigla at napagagaan ang proseso ng pagtuturo at pagkatuto, c) nagdudulot ito ng maayos, madali, makahulugan at mabisang pagtuturo at pagkatuto, d) nag-aambag ito ng iba't ibang karanasan sa mga mag-aaral tungo sa pagtatamo nila ng mga minimithing kaalaman, pagkakamit ng kasanayan at pagpapahalaga sa kanilang sarili at kapaligiran, e) nagbibigay ito ng mga tunay at iba't ibang kalagayan upang mapasigla ang pansariling gawain ng mag-aaral, f) nagkakaroon ng tiwala sa sarili ang mag-aaral at guro sapagkat may direksyon ang pagtuturo at pagkatuto sa panitikan, g) nagkakaroon din ang mga guro ng kawilihan, magaan at sistematikong pagtuturo at h) nababawasan ang pagiging dominante ng guro sa pagsasalita o pagtalakay ng aralin sa loob ng silid-aralan. Ang mga kagamitang pampagtuturo ay dinisenyo upang mapagaan ang proseso ng pagtuturo at pagkatuto. Sa pamamagitan ng mga ito, nagiging kapanapanabik, nakagaganyak at natutulungan ang mga mag-aaral na matuto sa makabagong paraan.

Gayunpaman, may mga limitasyon din ang paggamit ng kagamitang pampagtuturo sa silid aralan tulad ng kagamitang panteknolohiya, kakayahang panteknolohiya at oras o panahon ng kailangan sa pagpaplano, pagdidisenyo at paglinang sa mga gawaing pang multimedia. Ang mga rekurso ng kagamitang pampagtuturo ay makatutulong sa mga gurong lumikha ng mga gawain o mga karanasan sa pagkatuto ng

Online ISSN: 3082-5121
Aloysian Interdisciplinary Journal of Social Sciences, Education, and Allied Fields
https://journals.aloysianpublications.com
Volume 1 Issue 8 (2025)

bawat indibidwal. Ang mga gawain at karanasang ito ay magpapakilala sa pagpapahalaga ng mga kakayahan ng bawat mag-aaral.

Ayon kay Namingit (2017), ng *Library Hub and Learning Resources ang Management and Development Center* ng Lagawe, Ifugao, ang paggawa ng kagamitang pampagtuturo ay malaya kung saan ang mga guro ang bubuo ng kanilang mga kagamitang pampagtuturo na siyang gagamitin ng mga mag-aaral. Nabanggit niya na nararapat na sa paggawa ng kagamitang pampagtuturo, kailangang ibatay ito sa mga simulain at mga gabay. Layunin nito na magkaroon ng isang makabuluhang kagamitang panturo na kapaki-pakinabang sa mga mag-aaral.

Likas ang kagalingan ng ating bansa sa panitikan dahil halos lahat ng lugar sa Pilipinas ay may panitikang maipagmamalaki. Maiuugat ang mga panitikan ng bansa sa pangkat-etnikong tradisyon, na binubuo ng mga pasalitang panitikan. Ang panitikang ito ay kakikitaan ng purong kultura ng mga katutubo at wala pang bahid ng lahing dayuhan. Ang kagalingan ng etnikong ito ay naingatan at naitago sa pamamagitan ng pagbigkas ng mga ito sa bawat henerasyon.

Isa sa mga ito ang panitikan ng Cordillera. Matatagpuan sa matatayog na mga kabundukan ang mayayamang kultura ng mga katutubo kahit hirap pa rin ang mga dalubhasa na tukuyin ang mga pinagmulan ng mga ito. Ang mga panitikang ito ay nakatatak sa memorya ng mga Cordilleran at kanilang patuloy na ipinasa-pasa sa mga henerasyon (Pedro, 2016). Hindi nila naisusulat ang mga ito kundi pasalin-dila ang kanilang paraan sa pagpasa sa mga panitikan sa kanilang henerasyon. Ito ang isang salik kung bakit maraming panitikan ng Cordillera ang nawawala o di kaya ay nababago ang mga bersyon sa orihinal na akda nito.

Isa sa mga lalawigang matatagpuan sa Cordillera ang Ifugao. Mayaman ito sa mga panitikan na namana sa mga ninuno noon pa man na dapat maipreserba sa pamamagitan ng pag-aaral sa mga ito. Ang Ifugao ay isang natatanging pangkat-etniko na ang panitikan ay unti-unting nawawala. Sa mga nakaraang dekada, makikita na unti-unting napapalitan ang mga sistema ng kultura dahil sa impluwensya ng mga taong galing sa kapatagan at mga dayuhan na nakipag-asawa sa mga ito. Isa pa dito ang hindi masyadong pagpansin ng mga taga-Ifugao sa kanilang sariling mga panitikan o akda. May ilang antropolohiya na nakapagsabi na darating ang araw na tuluyang makakalimutan ng mga Ifugao ang kanilang kultura, panitikan at pagkakakilanlan. Dahil dito, ang pamahalaan ay gumagawa ng mga paraan o pag-aaral upang mapreserba ang mga panitikan dito para hindi tuluyang mawala at nang matutunan ng mga susunod pang henerasyon (Barades, 2007). May ilang mga paaralang humihimok sa mga mag-aaral na magsaliksik ng mga katutubong panitikan upang maisatitik at mapreserba. Sa pamamagitan ng pagsasatitik sa mga ito, mapreserba ang orihinal na bersyon at maaaring mabasa ng mga susunod pang henerasyon upang maintindihan nila ang kanilang mga kasaysayan.

Napakaraming katutubong panitikan ang Ifugao na hindi pa naisasatitik at naisalin sa wikang Filipino at Ingles. Ito ang nagbigay hamon sa mananaliksik na isalin sa wikang Filipino ang mga panitikan ng piling barangay ng Lagawe. Ang mga panitikang ito ay sumasalamin ng pagpapahalaga sa mga magagandang kultura ng Ifugao. Naniniwala ang mananaliksik na magiging makabuluhan ang kontribusyon nito sa larangan ng edukasyon.

Sa salaysay ni Hangdaan (2017), nabanggit niya na ang pagtuklas at pagpreserba sa mga naglalahong kulturang pangkat-etniko ay kailangang maituro sa mga bata o bagong henerasyon. Ito ay sa kadahilanang marami pang mga kabataan ang hindi nakakaalam sa kanilang mga panitikan. Nabanggit din niya sa panayam na ang mga katutubong kwento ay paiba-iba ang nilalaman kung kaya kailangan na maisadokumento ang mga orihinal na bersyon upang mapreserba ang mga ito. Kung susuriin ang mga

Online ISSN: 3082-5121
Aloysian Interdisciplinary Journal of Social Sciences, Education, and Allied Fields
https://journals.aloysianpublications.com
Volume 1 Issue 8 (2025)

kwento, ang buhay ng mga tao ay may representasyon sa mga tauhan o bagay at pangyayari sa kwento. Ito ang nagbunsod sa mananaliksik na alamin ang mga natatanging mga panitikan ng Ifugao partikular na sa munisipalidad ng Lagawe at isulat ito upang mapreserba at matutunan ng mga sumusunod na henerasyon upang mas maiintidihan nila ang kanilang mga kultura at matutunan nilang mahalin at ipagmalaki sa iba.

Sa pamamagitan ng pag-aaral na ito, umaasa ang mananaliksik na maiwasan ang prediksyon ng ilang antropolohiya na tuluyang mawala ang panitikan ng Ifugao at maipagpatuloy ang mga pag-aaral sa iba pang akdang pampanitikan ng Ifugao. Umaasa rin ang mananaliksik na magkainteres din ang ibang mga mananaliksik na alamin pa ang mga panitikan na makikita sa kanilang mga komunidad. Ang mga ito ay dapat maipreserba dahil ito ang sumisimbolo sa pagkakakilanlan sa isang tao.

Statement of the Problem

Objectives and/or research hypotheses

Tugon sa layuning mapag-aralan ang kultura at makapag-ambag ng mga kagamitang pampagtuturo sa Lagawe, Ifugao, layunin ng pag-aaral na ito na:

1. Maisadokumento ang mga katutubong kwento ng Lagawe, Ifugao
2. Mauri ang mga katutubong kwento ng Lagawe Ifugao kung ito ay:
   a) pabula,
   b) alamat, at
   c) mito.
3. Maisalin sa wikang Filipino ang mga katutubong kwentong nakalap,
4. Masuri ang mga katutubong kwento ayon sa:
   a) salin
   b) kultura,
   c) aral, at
   d) kahalagahan.
5. Makabuo ng kagamitang pampagtuturo mula sa mga katutubong kwento ng Lagawe, Ifugao batay sa pormat ng Kagawaran ng Edukasyon.
6. Maipaberipika ang mga nasuring kwento ayon sa salin, aral, kultura at kahalagahan.
7. Mapabalido ang ginawang kagamitang pampagtuturo.

MATERIALS AND METHODS

Ang pag-aaral na ito ay ginamitan ng kwalitibong uri ng pananaliksik partikular na ang etnograpiyang pamamaraan. Ang etnograpiya ay nangangahulugang pananaliksik sa mga kasanayan at buhay ng mga tao sa isang komunidad. Ito ay isinagawa sa pamamagitan ng pangongoleka ng mga artepakto o mga bagay na makakatulong upang higit na maunawaan ang pamumuhay ng mga tao at maipaliwanag sa mga mambabasa (Bochner 2016). Gumamit ng panayam ang mananaliksik sa pagkalap ng mga datos. Ang mga ito ay maingat na inirekord at isinulat bago maisalin.

Sa pagsasalin, ang mananaliksik mismo ang nagsalin bago ipinakritik sa tatlong guro na dalubhasa sa wikang Filipino. Gumamit ng isang verification tool ang mga guro na nagberipika sa pagsasalin at pagsusuring ginawa ng mananaliksik.

Ang nabuong kagamitang pampagtuturo ay naipabalido ng mananaliksik sa mga tagabalidong galing sa Kagawaran ng Edukasyon. Dalawang superbisor at isang punongguro ang nag-ayos at nagbalido sa

Online ISSN: 3082-5121
Aloysian Interdisciplinary Journal of Social Sciences, Education, and Allied Fields
https://journals.aloysianpublications.com
Volume 1 Issue 8 (2025)

modyul. Sa pagpapabalido, ginamit ng mga tagabalido ang pamantayang galing sa Kagawarang ng Edukasyon.

Participants:

Sa pag-aaral na ito, ang mananaliksik ay pumili ng impormante sa bawat barangay ng mga katutubo ng Ifugao mula sa mga barangay ng Pullaan, Cudog, Boliwong at Caba, Lagawe, Ifugao. Ang mga ito ay pinili ng mananaliksik sa pamamagitan ng mga sumusunod na pamantayan:

a) siya ay dapat residente ng piling barangay ng Lagawe, Ifugao.
b) siya ay dapat nasa edad na 45 pataas at may matalas na memorya.
c) siya ay dapat may sapat na kaalaman at marunong sa mga katutubong panitikan ng Ifugao o isa siyang Indigenous Knowledge Holder

Makikita sa talaan 1 ang mga tagatugon o pinagmulan ng mga datos. May tig-dalawang mga tagatugon na napili sa mga piling barangay na pinagkunan ng mga datos. Sila ay binubuo ng apat na lalaki at apat na babae na pawang may edad na 45 pataas.

Talahanayan 1. Pinagmulan ng mga Datos

Pangalan ng Nakalap	Tirahan	Edad	Kasarian	Kwalipikasyon	MgaAkdang Impormante
Herminia Takinan	Boliwong	59	Babae	Mananalaysay	1. Hay Nalmuwan di Kitob 2. Hay Nalpuwan di Kil-at ya Kidul 3. Hi Intampekew an Nunbalin hi Hamuti
Magdalena Manoddom	Boliwong	70	Babae	Mananalaysay	1. Hi Uwot 2. Nan Nipaya an Hin-agi 3. Hay Nun-inilaan da Bugan I Aliguyon 4. Nan Ammayun Bugan
Basilio Bumahit	Caba	73	Lalaki	Mananalaysay	1. Hay Nangalan chi ad Caba Ngachana 2. Hi Fugan Mangadjucheng
Rebecca Bumahit	Caba	45	Babae	NCAA Awardee	1. Cha Kamma ay Kungnga 2 .Hi Fugan an Napuhig
Indanum Linnom	Cudog	65	Babae	Mananalaysay	1. Da Mapagana I Kilkillutan 2. Da Tiwtiwaddan I Batbattikul 3. Hi Puggo an Makibbanultung
Buyawe Dolahna	Cudog	70	Lalake	Mananalaysay	1.Nan Nagahat an Udidiyan 2. Hi Bugan an Mangad-adi 3. Nape ta hay Liting di Punbalayan Bakkukul
Basilio Dinamling	Pullaan	65	Lalaki	Mananalaysay	1. Hi Inlablabuut 2. Da Bugan I Ingumguminigin
Dionisio Umlano Sr.	Pullaan	54	Lalaki	Mananalaysay	1. Hi Fugan ay chuy F 2. Cha Kawaeng ay Puha

Online ISSN: 3082-5121
Aloysian Interdisciplinary Journal of Social Sciences, Education, and Allied Fields
https://journals.aloysianpublications.com
Volume 1 Issue 8 (2025)

Talahanayan 2. Mga Nagbalido sa Kagamitang Pampagtuturong Naihanda

Pangalan	Tirahan	Edad	Kasarian	Kwalipikasyon
Jovita Namingit	Lagawe, Ifugao	52	Babae	EPS-LRMDS
Anthony U. Gallanagi	Lagawe, Ifugao	55	Lalaki	EPS
Alma N. Tuguinay	Lagawe, Ifugao	48	Babae	School Principal

Makikita sa talahanayan 2 sa ibaba ang mga talaan ng mga nagbalido sa inihandang kagamitang pampagtuturo. Ang kagamitang pampagtuturo ay batay sa pormat na ibinigay ng Kagawaran ng Edukasyon.

Ang mga mga tagabalido ay mula sa Kagawaran ng Edukasyon ng Ifugao. Ang mga tagabalido ay dalawang superbisor at isang punongguro. Sila ay binubuo ng dalawang babae at isang lalaki. Sila ang mga naatasang magbalido sa mga kagamitang pampagtuturo na inihanda ng mga guro sa Ifugao.

Talahanayan 3. Mga Nagsuri at Nagberipika sa Nakalap na mga Katutubong Kwento

Pangalan	Tirahan	Edad	Kasarian	Kwalipikasyon
Ian Jake B. Cumaldi	Kiangan, Ifugao	26	Lalaki	Teacher III, KNHS
Gng. Genveva S. Nadiahan	Lagawe, Ifugao	50	Babae	Guro, DBHS
Gng. Carmelyn G. Taguiling	Lagawe, Ifugao	32	Babae	Guro, SJS

Makikita sa talahanayan 3 ang mga taong nagberipika sa mga katutubong kwentong nakalap. Gumamit ang mga tagaberipika ng isang kagamitan sa pagbeberipika sa mga kwento.

Ang mga nagberipiko ay mga guro na may sapat na karanasan sa pagtuturo, pagsusuri at pagberipika ng mga akdang pampanitikan. Sila ay binubuo ng dalawang babae at isang lalaki. Sinuri nila ang mga kuwento alinsunod sa salin, aral, kultura at kahalagahan. Inayos nila ang ilan sa mga kuwento at ipinaalam sa mananaliksik na agad namang inayos nito.

Procedure

Bago isinagawa ang pag-aaaral, ang mananaliksik ay humingi ng pahintulot ng pagsasagawa ng pag-aaral sa Alkalde ng Lagawe, Ifugao. Pagkatapos mapahintulutan ay inumpisahan ng mananaliksik ang paglikom ng mga datos.

Ang mga impormante ay pinili sa pamamagitan ng pagpili sa mga matatandang isinilang sa mga piling pook ng Lagawe at lumaki sa kultura ng nasabing mga pook. Sila ay may edad na 40-70, nagsasalita ng mga lokal na dayalekto ng piling barangay at may matalas na isipan.

Personal ang ginawang pakikipanayam ng mananaliksik sa mga impormante. Bago ang paglilikom, kinausap ng mananaliksik ang mga impormante kung sang-ayon sila sa isasagawang pananaliksik. Gumamit ang mananaliksik ng kamera at rekorder. Ang rekorder ay ginamit ng mananaliksisk upang maitala ang mga katutubong kwentong isinalaysay ng impormante at ang kamera ay ginamit bilang patunay sa isinagawang pananaliksik.

Online ISSN: 3082-5121
Aloysian Interdisciplinary Journal of Social Sciences, Education, and Allied Fields
https://journals.aloysianpublications.com
Volume 1 Issue 8 (2025)

Isinulat ng mananaliksik ang mga datos na nalikom sa pamamagitan ng pagsulat habang nagsasalaysay ang respondante at pagrekord nito sa rekorder pagkatapos ay isinalin sa wikang Filipino ang mga ito. Gumamit ang mananaliksik ng malayang pagsasalin sa mga akda.

Dahil taga-Lagawe mismo ang mananaliksik at marunong sa wikang Tuwali at Ayangan, siya ang nagsalin sa mga katutubong kwento at kanyang ipinakritik sa mga gurong dalubhasa sa wikang Filipino. Nirebisa ang pagsasalin batay sa pagbabago at pagdaragdag na inirekomenda ng mga nagkrikritiko at nagbeberipiko.

Nang matapos sa pagsasalin ang mananaliksik, bumalik ulit sa mga barangay at nagsagawa ng *Focused Group Discussion* sa mga impormante. Lumabas sa *Focused Group Discussion* na tama lahat ang mga naisadokumento ng mananaliksik.

Pagkatapos magsagawa ng *Focused Group Discussion*, klinasipika ng mananaliksik ang mga nakalap na datos sa pabula, alamat o mito. Maingat na sinuri ng mananaliksik sa batay sa teoryang moralistiko at kultural.

Bumuo ng isang kagamitang pampagtuturo ang mananaliksik na maaaring gamitin sa pagtuturo ng mga kwento partikular na sa mga pabula, alamat at mito. Ang nasabing kagamitang pampagtuturo ay ibinatay sa ginawa ng Kagawaran ng Edukasyon. Sa pagpapabalido, paulit-ulit itong inayos ng mananaliksik ayon sa panuntunan na binigay ng *Education Program Supervisor ng Learning Resources and Management Development System* (EPS-LRMDS) hanggang sa matagumpay ang kinalabasan nito. Maliban sa pagpapasuri sa EPS-LRMDS, pinasuri pa ng mananaliksik sa dalawang tagabalido ng Kagawaran ng Edukasyon ang ginawang kagamitang pampagtuturo. Lumabas sa pagsusuri ng dalawa pang tagabalido na pumasa sa pamantayan ng Kagawaran ng Edukasyon ang ginawang modyul at maaari nang gamitin sa pagtuturo.

Pagkatapos masuri ang kagamitang pampagtuturo, pinasuri ng mananaliksik ang pagsasalin at pagsusuring ginawa sa mga nakalap na akda sa tatlong mga guro na dalubhasa sa wikang Filipino.

Data Analysis

Sa proseso ng pagsasalin, ang pag-aaral ay gumamit ng malayang pamamaraan ng pagsasalin. Ang pagsasaling ito ay sumasaklaw lamang sa pagsasalin ng diwa ng mensahe ng akda at hindi sa paraang pasalita lamang.

Sa pagsususri ng akdang pampanitikan, kinakailangan ang masusing paghihimay -himay. Ayon kay Bautista (2016), dapat isaalang-alang ang mga sumusunod: a. kinakailangan ang lubos na kaalaman sa kathang sinusuri tulad ng buong nilalaman ng akda, paraan ng pagkakabuo nito at ginamit ng awtor na pamamaraan o istilo, at b. kailangan ding ang manunuri ay may opinyong bunga ng obhektibong pananaw laban man o panig sa katha, kaya mahalagang siya ay maging matapat.

Sa proseso ng pagsusuri sa mga katutubong kwento, ang pag-aaral ay gumamit ng pagsusuri batay sa teoryang moralistiko at teoryang kultural (Velez, 2006). Layunin ng teoryang moralistiko na ilahad ang iba't ibang pamantayang sumusukat sa moralidad ng isang tao- ito ay ang pamantayang tama o mali. Isinasaad din dito ang pagtatama sa kamalian ng mga kilos o ugali ayon sa pamantayang itinakda ng lipunan. Samantala, ang layunin ng teoryang kultural ay ipakilala ang kulturang nakasaad sa akda sa mga hindi nakakaalam. Ibinabahagi ng akda ang mga kaugalian, paniniwala at tradisyon na minana at ipinasa sa susunod pang henerasyon.

RESULTS AND DISCUSSIONS

Sa kabanatang ito, matutunghayan ang mga natipon, nauri at nasuring mga katutubong kuwento ng mga piling barangay ng Lagawe, Ifugao. Ang pagsasalin sa mga ito ay mula sa lokal na dayalekto ng mga

Online ISSN: 3082-5121
Aloysian Interdisciplinary Journal of Social Sciences, Education, and Allied Fields
https://journals.aloysianpublications.com
Volume 1 Issue 8 (2025)

impormante patungo sa wikang Filipino. Makikita rin dito ang kagamitang pampagtuturo na nabuo ng mananaliksik.

Makikita sa talahanayan 4 ang mga barangay at mga kwentong bayan na nakalap sa kanilang lugar. May pitong kwento mula sa barangay Boliwong, lima sa Caba, anim sa Cudog at apat sa Pullaan. Napansin ng mananaliksik na mas may sapat na kaalaman ang tagatugon sa Caba kaysa sa ibang tagatugon mula sa ibang barangay. Ito ay dahil aktibo sa pakikilahok sa mga gawaing may kinalaman sa mga katutubong kwento ang isa sa mga tagatugon mula sa Caba.

Talahanayan 4. Mga Katutubong Kwento ng Lagawe, Ifugao

Lugar ng Pananaliksik	Pamagat ng Kwento
Boliwong	Pinagmulan ng Surot
Boliwong	Hay Nalpuwan di Kidlat ya Kidul
Boliwong	Hi Uwot
Boliwong	Nan Nipaya an Hin-agi
Boliwong	Hay Nun-inilaan da Bugan I Aliguyon
Boliwong	Nan Ammayun Bugan
Boliwong	Hi Intampekew an Nunbalin hi Hamuti
Caba	Hay Nangalan chi ad Caba Ngachana
Caba	Hi Fugan Mangadjucheng
Caba	Cha Kamma ay Kungnga
Caba	Hi Bugan an Napuhig
Cudog	Da Mapagana I Kilkiluttan
Cudog	Tiwtiwaddan I Batbattikul
Cudog	Nan Nagahat an Udidiyan
Cudog	Hi Puggo an Makibannultung
Cudog	Hi Bugan an Mangad-adi
Cudog	Nape ta hay Liting di Balen Bakkukul
Pullaan	Hi Inlablabuut
Pullaan	Hi Bugan ya Nan Gelew
Pullaan	Da Bugan I Ingumguminigin
Pullaan	Cha Kawaeng ay Puha

Uri ng mga Katutubong Kwento

Matatagpuan sa talahanayan 5 ang pag-uuri sa mga nakalap na mga akda ng mananaliksik. Ito ay inuri sa kwentong bayan, pabula, mito at alamat.

Ang kwentong bayan ay salaysay sa mga likhang-isip na ang mga tauhan ay kumakatawan sa mga uri ng mamamayan katulad ng matandang hari, isang marunong na lalaki o isang hangal na tao.

Ang pabula ay isang uri ng kathang-isip na panitikan kung saan ang mga hayop o kaya mga bagay na walang-buhay ang gumaganap na mga tauhan.

Ang mito ay kwento o salaysay hingil sa pinagmulan ng sansinukuban, kalipunan ng iba't ibang paniniwala sa mga diyos at diyosa, kwento ng tao at ng mahiwagang linikha.

Ang alamat ay isang uri ng kuwentong bayan at panitikan na nagkukuwento tungkol sa mga pinagmulan ng mga bagay-bagay sa daigdig.

Makikita sa talahanayang ito ang mga uri ng mga katutubong kwentong nakalap. May labing tatlong mga kwentong bayan, tatlong alamat, tatlong pabula at dalawang mito. Nangangahulugan itong mas maalam ang mga ninuno natin sa kwentong bayan kaysa sa iba pang uri ng panitikan.

Ayon kay Oracion (2015), hindi maitatanggi na mas maraming kwentong bayan ang matatagpuan sa isang lugar dahil ito ay karaniwang pumapaksa sa pang-araw araw na gawain at pamumuhay ng mga tao.

Online ISSN: 3082-5121
Aloysian Interdisciplinary Journal of Social Sciences, Education, and Allied Fields
https://journals.aloysianpublications.com
Volume 1 Issue 8 (2025)

Maaaring ito ay patungkol sa pag-ibig, katatawanan o pakikipagsapalaran na kapupulutan ng maraming aral.

Talahanayan 5. Mga Uri ng Katutubong Kwento

Pamagat ng Kwento	Uri ng Kwento sa Akdang Pampanitikan
Hay Nalmuwan di Kitob	Alamat
Hi Bugan an Napuhig	Kuwentong Bayan
Hay Nalpuwan di Kidlat ya Kidul	Alamat
Hi Bugan ya Nan Gelew	Kuwentong Bayan
Da Bugan I Ingumguminigin	Kuwentong Bayan
Da Mapagana I Kilkiluttan	Kuwentong Bayan
Hi Fugan Mangadjucheng	Kuwentong Bayan
Cha Kamma ay Kungnga	Kuwentong Bayan
Hi Uwot	Kuwentong Bayan
Tiwtiwaddan I Batbattikul	Pabula
Nan Nagahat an Udidiyan	Kuwentong Bayan
Nan Nipaya an Hin-agi	Kuwentong Bayan
Hi Inlablabuut	Kuwentong Bayan
Hi Bugan an Mangad-adi	Mito
Hay Nun-inilaan da Bugan I Aliguyon	Kuwentong Bayan
Nape hay Liting di Kihaadan Bakkukul	Pabula
Nan Ammayun Bugan	Kuwentong Bayan
Hi Puggo an Makibannultung	Mito
Hi Intampekew an Nunbalin hi Hamuti	Kuwentong Bayan
Hay Nagalan chi ad Caba Ngacahana	Alamat
Cha Kawaeng ay Puha	Pabula

Salin sa Wikang Filipino

Ang mga katutubong kwentong nakalap ay isinalin ng mananaliksik sa wikang Filipino. Gumamit ang mananaliksik ng malayang pagsasalin. Pagkatapos ng pagsasalin, naipaberipika ito ng mananaliksik sa tatlong guro na dalubhasa sa pagsasalin at pagsusuri ng mga akda.

Ang mga dalawampung katutubong kwento ay binubuo ng labintatlong kwentong bayan, tatlong alamat, tatlong pabula at dalawang mito. Ang mga ito ay may iba't ibang ideyang nakapaloob.

Sa pag-aaral ni Domelod (2007), nabanggit niya na mapapalawak ang kaalaman sa wikang Filipino kung ang pagsasalin ay gagamitan ng masining na pamamaraan. Ito ay nagiging daan sa mas malalim na pag-unawa ng mga mag-aaral sa aralin.

Makikita sa Appendix G ang mga salin ng katutubong kuwento sa wikang Filipino.

Pagsusuri ng mga Katutubong Kuwento

Ipinapakita sa bahaging ito ang maingat na pagsusuri na ginawa ng mananaliksik sa mga datos na nakalap. Sinuri ng mananaliksik ang mga datos batay sa teoryang moralistiko, kultural at kahalagahan ng mga ito.

Sa akdang Kitob, Hi Bugan ana Napuhig, Da Mapagana I Kilkiluttan, Hi Uwot, Nan Nipaya an Hin-agi, Hi Inlablabuut, Hi Intampekew an Nunbalin hi Hamuti, Cha Kamma ay Kungnga, at Nan Nagahat an Udidiyan, makikita dito ang paraan ng pamumuhay ng mga tao sa Ifugao noong unang panahon. Ang pangunahing hanapbuhay nila ay pagsasaka at pangangaso. Ang mga magulang ay palaging nasa bukid kaya ang mga bata lamang ang naiiwan sa mga bahay. Dahil dito, maagang namulat sa pag-iisip ang mga

Online ISSN: 3082-5121
Aloysian Interdisciplinary Journal of Social Sciences, Education, and Allied Fields
https://journals.aloysianpublications.com
Volume 1 Issue 8 (2025)

bata at nasanay na mag-isa. Hindi maiiwasan na magutom ang mga bata lalo na kapag walang naihandang pagkain ang kanilang magulang bago umalis upang magtrabaho. Makikita sa mga akdang ito ang pagmamalasakit, pagmamahalan, pagkakaisa at pagbubuklod ng mga pamilyang Ifugao kahit na mahirap ang kanilang pamumuhay. Mapapansing masaya pa rin ang kanilang pamumuhay dahil sa mabuti nilang pakikipagkapwa. Malaki ang kontribusyon ng pakikipagkapwa sa buhay ng isang tao. Sabi nga nila, hindi nabubuhay nang masaya ang isang tao kung hindi siya makisalamuha sa kapwa. Mahalaga sa isang tao ang pagpapahalaga, mapagpakumbaba at mapagmahal ng mga taong nakapaligid sa kanya lalo na sa kanyang mga magulang. Ang mabuting pakikipagkapwa ay nagagawa sa pamamagitan ng pag-alam sa mga bagay-bagay na may kinalaman sa alitan bago aksyonan ang isang isyu. Sa pamamagitan nito, maging maayos ang relasyon sa mga tao na nakakasalamuha sa pang-araw-araw na gawain.

Sa mga akdang Hay Nalpuwan di Kil-at ya Kidul, Hi Ingumguminigin, Hi Bugan ya Nan Gelew, Hi Bugan Mangad-adi, at Hay Nun-inilaan da Bugan I Aliguyon, nailalahad dito ang mga usapin sa pag-aasawa ng mga Ifugao Noon. Hindi basta-basta ang pag-aasawa nila noon. May mga prosesong sinusunod bago sila magsama. Naipapakita din dito ang paniniwala nila sa mga diwata, Diyos at Diyosa. Naniniwala sila na ang mga diwata o Diyos at Diyosa ay umiibig din sa mga tao. Sa pag-aasawa, mainam na maging mapanuri sa taong pakakasalan upang alamin ang buong pagkatao bago magpatali. Kailangan din ng respeto sa asawa upang mapanatili ang magandang relasyon. Huwag lokohin ang asawa upang hindi magulo ang samahan para sa kapakanan ng mga anak.

Makikita rin sa akdang Si Tiwtiwaddan, Nape ta Hay Liting di Punbalayan di Bakkukul, Nan Ammayun Bugan, Hi Puggo an Makibannultung, at Cha Kawaeng ay Puha ang simpleng pamumuhay ng mga Ifugao. Nagkakaroon sila ng mga panahon para sa kanilang sarili. Makikita dito ang pagmamahal at pag-aalaga nila sa mga hayop. Ito ang isa sa mga libangan nila at pinagkukunan ng ikinabubuhay. Sa pang-araw-araw nilang pamunuhay, mapapansin ang pagmamalasakit at pagamahalan nila sa kapwa. Ang kayabangan ay iniiwasan nila dahil sa paniniwalang ang kayabangan ay isang masamang gawi na taglay ng isang tao. Nagdudulot ito ng kapahamakan sa isang tao.

Sa akdang Hay Nangalaan Chi Ad Caba Ngachana, naipapakita rito ang paraan ng pamumuhay ng mga tao sa komunidad. Noon pa man, may naitakda ng tagapamahala sa bawat barangay. Isinasagawa ito upang maiwasan ang pag-aaway-away ng mga tao. Nabanggit sa akdang ito na hindi mabuting gawi ang pagiging sakim ng isang tao sa nasasakupan. Kailangan niyang irespeto ang karapatan ng ibang tao. Sa kabilang dako, kailangan ang edukasyon upang hindi mapahiya sa pakikihalubilo sa ibang tao lalo na sa banyaga. Kailangang matutong magsulat at magbasa ang isang tao upang madaling makipagkomunikasyon sa kapwa.

Sa pag-aaral na isinagawa ni Yu (2006), dapat inaalam, binubusisi at tinitimbang ng isang tao ang isang bagay upang matiyak kung mahalaga ba ito o makabuluhan. Sa pagsusuri, dapat gamitan ng mga dulog lalo na sa dulog moralistiko at kultural upang mailabas ang kultura, aral at kahalagahang nakapaloob sa bawat kwento.

Ang pag-aaral na ito ay magkahawig sa pag-aaral na isinagawa ni Dulay (2015) hinggil sa Hudhud ng mga Ifugao patungkol sa kanilang magagandang kaugaliang moral, intelektwal at politikal na kalagayan. Ang kaibhan lamang nito ay nakapokus sa Hudhud ang pag-aaral na isinagawa ni Dulay samantalang sa mga maikling kwento naman ang pag-aaral na ito.

Pagbuo ng Kagamitang Pampagtuturo

Makikita sa bahaging ito ang binuo at tinipon ng mananaliksik na isang kagamitang pampagtuturo na maaaring gamitin sa pagtututro ng panitikan. Naglalaman ito ng mga kuwento at gawain para sa mga mag-aaral. Bawat kuwento ay may mga naihandang gawain na gagawin ng mga mag-aaral. Ito ay pinabalido ng mananaliksik sa Superbisor ng *Learning Resources Management and Development System* (LRMDS) at dalawa pang tagabalido sa Kagawaran ng Edukasyon. Paulit-ulit na bumalik ang mananaliksik sa opisina ng LRMDS hanggang matamo ang pormat na basehan ng Kagawaran ng Edukasyon. Ang nasabing

Online ISSN: 3082-5121
Aloysian Interdisciplinary Journal of Social Sciences, Education, and Allied Fields
https://journals.aloysianpublications.com
Volume 1 Issue 8 (2025)

kagamitang pampagtuturo ay isang modyul para sa Filipino 7. Nakapokus ito sa ikapitong baitang ng mag-aaral sa Lagawe, Ifugao.

Ayon kay Wales (2009), ang mga kagamitang pampagtuturo ay nakakatulong upang mabuo at maitatak sa isipan ng mag-aaral ang mga araling itinuturo ng guro. Ang mga kagamitang pampagtuturo ay nagbibigay ng kasiyahan sa mag-aaral upang pag-aralan pa ang ibang mga bagay kahit na wala sila sa loob ng silid-aralan.

Makikita ang nasabing kagamitang pampagtuturo sa Appendix H.

Pagpapabalido sa Nabuong Kagamitang Pampagtuturo

Makikita sa talahanayan 6 ang resulta ng ginawang pagpapabalido sa ginawang kagamitang pampagtuturo. Lahat ng nagbalido ay sumasang-ayon sa ginawang kagamitang pampagtuturo.

Nang matapos ng mananaliksik ang kagamitang pampagtuturo, pinabalido ito sa Supervisor ng LRMDS sa Kagawaran ng Edukasyon sa Ifugao. Paulit-ulit na bumalik sa opisina ng Education Program Supervisor ng LRMDS ang mananaliksik hanggang maayos nang wasto ang nabuong kagamitang pampagtuturo. Kasali sa nagbalido ang isa pang superbisor at isang guro na tagabalido na nanggaling sa Kagawaran ng Edukasyon.

Nangangahulugang ang mga tinipong kagamitang pampagtuturo ay maaaring gamitin sa ikapitong baitang ng mataas na paaralan.

Nailahad sa aklat ni Binwag (2012), na ang mga kagamitang pampagtuturo ay nakapahalaga sa prosesong pagkatuto at pagtuturo. Nakakatulong ito upang malinawan at mabawasan ang iba't ibang konsepto.

Nabanggit din sa pag-aaral ni Scriver (2009) na ang mga mag-aaral ay nakakapagsulat ng mga iba't ibang sulatin, naisasagawa nang makabuluhan at nakakamit nang wasto ang layunin dahil sa paggamit ng mga malikhaing kagamitan sa pagtuturo.

Talahanayan 6. Resulta ng Pagpapabalido sa Kagamitang Pampagtuturo sa LRMDS

Pangalan	Sang-ayon Puna	Di Sang-ayon
1. Jovita L. Namingit		
A. Nilalaman	Sang-ayon	
B. Disenyong Instraksyonal	Sang-ayon	
C. Disenyong Teknikal	Sang-ayon	
D. Konsiderasyong Teknikal	Sang-ayon	
2. Anthony U. Gallangi		
A. Nilalaman	Sang-ayon	
B. Disenyong Instraksyonal	Sang-ayon	
C. Disenyong Teknikal	Sang-ayon	
D. Konsiderasyong Teknikal	Sang-ayon	
3. Alma N. Tuguinay		
A. Nilalaman	Sang-ayon	
B. Disenyong Instraksyonal	Sang-ayon	
C. Disenyong Teknikal	Sang-ayon	
D. Konsiderasyong Teknikal	Sang-ayon	

Online ISSN: 3082-5121
Aloysian Interdisciplinary Journal of Social Sciences, Education, and Allied Fields
https://journals.aloysianpublications.com
Volume 1 Issue 8 (2025)

Pagpapaberipiko sa Nasuring Kwento Alinsunod sa Salin, Aral, Kultura at Kahalagahan

Makikita sa talahanayan 7 ang resulta ng pagpapaberipika ng mga nasuring katutubong kuwento. Lahat ng mga nagberipiko ay sumasang-ayon sa lahat ng naibigay na pamantayan.Pagkatapos ng pagsusuri at pagsasalin sa mga katutubong kwento, pinaberipika ng mananaliksik ang mga ito sa tatlong guro na dalubhasa sa pagsusuri sa mga akda.

Ang bunga ng pagsusuri ay ang pantay na paghuhusga sa akda na kung saan ang mambabasa ay nakalilikom ng higit na kaalaman tungkol sa likhang sining. Naipaliliwanag dito ang mga mensahe at layuning nakapaloob sa akda. Ang makatarungang pagsusuri ay magiging sandigan ng higit pang pagpapalawak at pagsulong ng manunulat at ng panitikan (De Leon 2016).

Talahanayan 7. Resulta ng Pagpapaberipiko sa mga Nasuring katutubong Kwento

Pangalan	Sang-ayon	Di-Sang-ayon	Puna
1. Ian Jake B. Cumaldi			
A. Pagsasalin	Sang-ayon		
B. Aral	Sang-ayon		
C. Kultura	Sang-ayon		
D. Kahalagahan	Sang-ayon		
2. Genoveva S. Nadiahan			
A. Pagsasalin	Sang-ayon		
B. Aral	Sang-ayon		
C. Kultura	Sang-ayon		
D. Kahalagahan	Sang-ayon		
3. Carmelyn G. Taguiling			
A. Pagsasalin	Sang-ayon		
B. Aral	Sang-ayon		
C. Kultura	Sang-ayon		
D. Kahalagahan	Sang-ayon		

Conclusion

Nakapaloob sa bahaging ito ang mga konklusyon at mga rekomendasyon ng mananaliksik hinggil sa isinagawang pag-aaral.

1. Batay sa isinagawang pananaliksik, may 23 katutubong kwento ng Lagawe, Ifugao. Ang mga sakop na barangay ay ang barangay Pullaan, Boliwong, Caba at Cudog.
2. Ang mga katutubong kwento ay may 13 na maikling kwento, 3 na pabula, 2 mito at 3 na alamat.
3. Ang 23 na katutubong kwento ng mga piling barangay ay naisalin sa wikang Filipino.
4. Ang mga katutubong kwento ay may nasuring aral tulad ng pagtataglay ng isang tao ng kabutihang asal sa kanyang pamilya, pagmamahal at pagmamalasakit, pagiging tapat, pagkakaisa at pagrespeto sa kapwa. May mga kultura ding napaloob dito tulad ng paraan ng pag-aasawa at pagsasaka at pangangaso bilang

Online ISSN: 3082-5121
Aloysian Interdisciplinary Journal of Social Sciences, Education, and Allied Fields
https://journals.aloysianpublications.com
Volume 1 Issue 8 (2025)

pangunahing hanapbuhay ng mga tao. May mga kahalagahan ding nakapaloob sa mga akdang nasuri. Ang mga ito ay ang pagpapahalaga sa pamilya at kapwa. Nabanggit din sa pagsusuri ang kahalagahan ng edukasyon sa buhay ng isang tao. Ito ay upang hindi maloko sa pakikihalubilo nito sa kapwa.
5. Nakabuo ang mananaliksik ng isang kagamitang pampagtutuo para sa ikapitong baitang nga sekundarya sa Lagawe, Ifugao.
6. Napaberipika ng mananaliksik ang pagsusuri at pagsasaling ginawa sa mga akda sa mga eksperto at ang resulta ay sang-ayon sila sa pagsasalin at pagsusuring ginawa ng mananaliksik.
7. Napabalido ang ginawang kagamitang pampagtutro sa Education Program Supervisor ng Learning Resources Management and Development System (EPS-LRMDS), isang Supervisor at isang punongguro na taga-balido ng DepEd Ifugao. Lahat ng mga pasya ng tagabalido ay sang-ayon.

Recommendations for future research or implementation

1. Inirerekomenda na magtipon pa ng mga katutubong kwento, bugtong at mga awit upang maisatitik din ang mga ito.
2. Maaaring dagdagan pa ang mga ito ng mga halimbawa ng mga maikling kwento, alamat, mito at pabula.
3. Ang mga salin sa pananaliksik na ito ay inirerekomenda na ipabalido sa Komisyon ng Wikang Filipino para sa lalong ikabubuti nito.
4. Inirerekomenda ang mas malalimang pagsusuri sa mga salin at kultura, aral at kahalagahang nakapaloob sa pananaliksik na ito.
5. Ang mga tinipong kagamitang pampagtuturo ay inirerekomendang gamitin ng mga mag-aaral.
6. Para sa lalong ikabubuti ng tinipong kagamitang pampagtuturo, inirerekomendang ipaberipika ito sa iba pang eksperto sa DepEd.
7. Ang tinipong kagamitang pampagtuturo ay inirerekomendang ipabalido sa Komisyon ng Wikang Filipino.
8. Para sa mga susunod na mananaliksik, mangyaring saliksikin ang mga awit at bugtong ng Lagawe, Ifugao upang mapanatili at maingatan ang mga ito para sa susunod na henerasyon.

REFERENCES

Abad, M. A. (2011). Paghahanda ng kagamitang pampagtuturo. National Bookstore.

Abdullahi, B. C. (2008). The effectiveness of case-based instruction vs. the lecture-discussion method in multicultural work [Master's thesis, University Name]. (Note: Thesis university is missing from source; placeholder used).

Adewale, O. S. (2011). The positive effect of selected technique of instructional supervision on students' academic achievement in secondary schools/high schools. Malaysian Book Publishers Association.

Agbulu, W. G. (2011). Introduction to vocational agricultural education. Selfers Academic Press Ltd.

Agina-Obu, T. N. (2005). The relevance of instructional materials in teaching and learning. Harey Publication.

Artikulo XIV seksyon 17 ng Saligang Batas ng Pilipinas 1987. (1987). https://www.officialgazette.gov.ph/constitutions/1987-constitution/

Badayos, P. (2006). Ati-atihan: Yaman at diwa. Vibal Publishing House Inc.

Baisa, A. (2009). Pluma: Wika at panitikan para sa mataas na paaralan. Phoenix Publishing House Inc.

Bautista, L. (2016). Teknolohiya sa pagtuturo ng pagbasa at pagsulat. Kagawaran ng Filipino, Pamantasang Dela Salle Dasmariñas.

Bernales, R. (2006). Kritikal na pagbasa tungo sa pananaliksik. Mutya Publishing House.

Binwag, A. (2012). *Mga mungkahing kagamitang pampagtuturo sa komunikasyong sa akademikong Filipino antas tersarya ng Ifugao State University. Taong panuruang 2012-2013* [Unpublished doctoral dissertation]. Ifugao State University.

Bochner, A. P. (2016). Evocative autoethnography: Writing lives and telling stories. Routledge.

Census ng Philippine Statistic Authority. (2010). Philippine Statistics Authority. https://psa.gov.ph/statistics/census

Chauhan, S. (2013). English literature contemporary perspectives. Standard Publishers.

Commission on Higher Education. (1996). CHED Memorandum Order No. 59, s. 1996. http://www.ched.gov.ph/

Damrosch, D. (2009). How to read world literature. Blackwell Publishing.

Dayag, D. (2006). Pluma III wika at panitikan para sa mataas na paaralan. Phoenix Publishing House.

De Leon, [Initials]. (2016). Pangangailangan ng panunuri at kahalagahan ng pagsusuri [Unpublished master's thesis]. (Note: Author's first name is missing from source; placeholder used).

Dulay, M. (2009). The Ifugao Hudhud: Values content, the peoples knowledge of it, effectiveness of its promotion and its usefulness as vehicle for socio-cultural development. International Journal of Science and Research, 4(6). www.ijsr.net/archive/v4i6/SUB155240.pdf

Enriquez, A. (2007). Philippine literature: A regional approach. National Bookstore.

Eugenio, D. (2008). Philippine folk literature. University of the Philippines Press.

Francisco, A., & Francisco, C. G. C. (2012). Mga kasalukuyang perspektiv gamit ang panitikan. Phoenix Publishing House.

Handouts. (2010). Seminar and workshop on graphic organizer. Philippine University.

Heck, [Initials]. (2014). Transforming preservice teachers to digital instructional materials. Aqaurius Press. (Note: Author's first name is missing from source; placeholder used).

Http//www.dilg.com>index.php. (n.d.). Retrieved January 22, 2017, from http://www.dilg.gov.ph/

Iwu, G. U. (2011). Teaching aids. A panacea for effective instructional delivery in biology. Researcher, 3(2). http://www.sciencepub.net/researcher/research0302/08_438research-teach

Julian, B. (2014). Pinagyamang pluma. Phoenix Publishing House Inc.

Moretti, F. (2013). Abstract models for a literary history. Stanford University.

Municipal Planning and Development Office. (n.d.). [Data on Lagawe, Ifugao]. Lagawe, Ifugao.

Olawale, S. K. (2013). The use of instructional materials for effective learning of Islamic studies. Jihat-ul-Islam, 6(2). http://pu.edu.pk/images/journal/jihat-ul-Islam/PDF/4_v6_2_13.pdf

Oracion, L. (2015). Gantimpala: Pinagsanib na wika at panitikan. Innovative Educational Materials, Inc.

Ordonez, [Initials]. (2010). [Lecture notes on UBD Filipino 103]. (Note: Author's first name and title are incomplete; placeholder used).

Padre, F. (2010, June 15). 20M Filipinos can read but cannot understand. Meta-phil. http://metaphil.wordpress.com

Philippine Daily Inquirer. (2013, July 9). Cordillera folktales in local languages for K-12 students. https://newsinfo.inquirer.net/441763/cordillera-folktales-in-local-languages-for-k-12-students

Republic Act No. 10533, § 5 (2013). https://www.officialgazette.gov.ph/2013/05/15/republic-act-no-10533/

Ross, G. (2010). Philosophy in literature. Syracuse University. http://surface.syr.edu/books/4

Rubin, L. (2012). Writing: Philippine literature. Phoenix Publishing House.

Sauco, C. (2007). Panitikan ng Pilipinas. Phoenix Publishing House.

Scrivener, J. (2009). Learning teaching. Macmillan Education.

Seth, O. K. (2009). Instructional media as a tool for ensuring quality teaching and learning [Master's thesis, University Name]. (Note: Thesis university is missing from source; placeholder used).

Soetan, M. J. (2010). English literary prose in the making. Open Library. https://openlibrary.org/

Spivak, G. C. (2011). Readings. The University of Chicago Press. http://www.press.uchicago.edu

Ugwu, H. T. (2008). The trend of distance education instruction model for Sukhothai Thammathirat Open University. ICIDR Journal, Volume#, Page range. ICIDR Publishing House. (Note: Journal title, volume, issue, and page numbers are missing from source; placeholder used).

Velez, N. (2006). Filipino_HS. Com. Bookman Inc.

Wales, P. (2009). [Title of work]. University of Nairobi. http://cees.uonbi.ac.ke/sites/default/files/cees/final (Note: Title of work is missing from source; placeholder used).

Online ISSN: 3082-5121
Aloysian Interdisciplinary Journal of Social Sciences, Education, and Allied Fields
https://journals.aloysianpublications.com
Volume 1 Issue 8 (2025)

Yu, R. (2006). Kilates: Panunuring pampanitikan ng Pilipinas. University of the Philippines Press.

Zepetnek, S. T. (2010). Comparative literature: Theory, method, application. Rodopi.

Online ISSN: 3082-5121
Aloysian Interdisciplinary Journal of Social Sciences, Education, and Allied Fields
https://journals.aloysianpublications.com
Volume 1 Issue 8 (2025)

Apendiks H Salin sa mga Katutubong Kuwento (Sample Lamang)

Salin ng mga Katutubong Kwento sa Wikang Filipino

Hay Nalpuwan di Kitob	**Pinagmulan ng Surot**
Hidin nadne ya wada han himbale an duway imbabale da. Datuwe an himbale ya ninomnom da an kumaan hiway bale da ta taynan da nan duwa an uunga. *Nainilaan nan mun-ibba ot bumkon da. Handin kimaan nan himbale ya nataynan nan duwan uunga an kumkumga.* *Ninomnom nan duwan uunga an unudon nan aamod da. Hidin mundaldallan nan himbale ya nable da ya nauwoh da. Tinigo da han liting hiway dalan an malinih ot eda uminum. Hidin eda uminum ya numbalin hi dala nan liting. Ot ituluy da an mundallan ya nalikna da an naagangan da. Hidi way dalan ya wada han littuku an bimmunga. Hidin eda nangala ta kanon da ya bigih di wahdin nihaad.* *Munnomnomnom nan himbale ot ibangad da way bale da. Hidin dimmatong da ot kaliyan da nan uunga mu maid ha tumbal. Humgop da mo at mun ible da. Indani ya nalikna da an umali inlok da ta hidin eda malok ya dakol day kumalat. Tinigon nan lalaki an dakol day kakitay an kumanalat. Agge da mo nakalok idiyen hilong. Hidin munhumhumangan da ya ninomnom da nan imbabale da ya nan inat da. Ninomnom nan babai an kumalakalat nan imbababble da hinan tinatagu an anop-opyaan. Muntutuyu da mu maid da mo nan uunga.* *Age da inila an nan kumanalat ya nadan iimbabale da an nunbalin hi kitob. Hinaey nalpuwan di "kitob"*	Noong unang panahon, may mag-asawa na may dalawang anak. Ang kanyang mga anak ay may katangian o gawi na mangagat sa mga taong tahimik. Ang mag-asawang ito ay nagplano na iwan ang kanilang mga anak. Nalaman ito ng magkapatid at sila ay nagtampo. Kaya noong umalis ang mag-asawa ay naiwan silang umiiyak. Naisip ng magkapatid na sundan ang kanilang mga magulang. Noong naglalakad ang mag-asawa ay napagod at nauhaw sila. Nakakita sila ng isang bukal at naisipang uminom. Nang tangkain nilang uminom ay naging dugo ang tubig. Nagpasya silang ituloy ang paglalakad. Nakaramdaman sila gutom. Sa di kalayuan, nakakita sila ng prutas na rattan. Kumuha sila ng bunga pero laking gulat nila nang makitang mga uod ang laman ng prutas. Nag-isip ang mag-asawa at naspasya silang bumalik sa bahay. Nang makarating sila sa tahanan, tinawag nila ang kanilang mga anak pero walang sumasagot. Pumasok na lang sila at nagpahinga. Nakaramdam sila ng antok dahil sa pagod kaya nagpasya silang matulog. Pero nang matutlog sana sila ay naramdaman nilang may mga kumakagat. Nakita ng lalaki na may mga maliliit na insektong kumakagat. Magdamag silang hindi nakatulog. Bigla nilang naalala ang kanilang mga anak. Naalala ng ina na mahilig mangagat ang kanilang mga anak sa mga taong tahimik. Nang makita nila na patagong kumakagat, alam nilang ito ang kanilang mga anak. Nagsisi sila sa kanilang mga ginawa pero wala na silang magawa. Hindi nila alam na ang mga kumakagat ay ang kanilang mga anak na naging ipis.

Hi Bugan an Napuhig	**Si Bugan na Ulila**
Hidin hopapna ya wada han ohan unga an napuhig an Bugan di ngadana. Oh-ohha na an	Noong unang panahon ay may isang batang ulila na nagngangalang Bugan. Mag-isa siyang nanirahan sa

Online ISSN: 3082-5121
Aloysian Interdisciplinary Journal of Social Sciences, Education, and Allied Fields
https://journals.aloysianpublications.com
Volume 1 Issue 8 (2025)

mihaad way bale da ad Yattuwen. Kahimhimbatangan on imme way puun nan kaiw an nihaggon hiway bale da ta e malmallok on kinkinumga on nimmanomnom. Agge na inila an waday hahamuti an manmanigo I hiya on kinaahiyan da hiya. *Ohan himbatangan an nalok hi Bugan ya immalida nadan hahamuti ot itayyap dan iyeh way payo ot ul-ulayyon dan ipalok hi way dotal ot taynan da.* *Hidin imanamut nan lakay an hi Banibannig ya tinigo na nan maaphodan an unga an nalok way bale na. Timmakut hi Bugan ot bumangun. Kimmali nan lakay an kalyonay "Adia tumakut, haon hi apum". Maule ya maphod ugalin nan lakay. Inpaptok na Bugan hi ustu hiya nan annamin nan ibagan nan lakay on inun unud na.* *Ohan algo ya adi mangan hi Bugan te immingle way lapne ya balat an makan hi kabiga- bigat. Homhomkon nan lakay hi Bugan ot kalyonay "umohnong a hitu bale ta eya mangala tilapia ta waday kanom".* *Inalan nan lakay nan puntiliw na tilapia ot ume payo. Ena inguwang nan payona ot umayuh nan liting way payon Aliguyon. Maamlong an umanamut te waday ipakana I Bugan.* *Indani ya ninomnom Aliguyon an e tigon nan payona ya natigo na an napnuh liting nan payona ta nan e nitanom ya muntaptaplak. Tinigona an niguwang nan payon Banbannig. Bimmungot ot ena tigon hi Banibannig.* *Hidin dimatong hi balen Banibannig ya inakhupana an munhaang hi tipya nan lakay ot kalyonay "Ngay inat mu way payo'?" Hidin kimmali Aliguyon ya indungon Bugan hinan panto.* *Kimmali nan lakay I Aliguyon an kalyonay "Wahna gamin nan ap-apu an adi mangan te immingle nan balat ya lapne hiya nan imeha' nangala tilapia ta hiyay ipihda'". Ya kalyon Aliguyon di "Dan ngay inat mun nangala an lakay a mo. Idat mu Bugan ta ukoda' an mangipaptok I hiya. Ot awitona Bugan hi bale da. Hidin immongal hi Bugan ya maaphodan an babai ot iahawan Aliguyon.*	kanilang tahanan sa Yattuwen. Tuwing hapon ay umiiyak siyang natutulog at nagpapahinga sa ilalim ng puno malapit sa kanilang bahay. Hindi niya alam na may mga grupo ng ibon na naaawang nakatingin sa kanya. Isang hapon, habang si Bugan ay natutulog, dumating ang mga ibon at nilipad siya patungo sa isang bukid at doon ay inihiga at iniwan. May isang matandang nagngangalang Banbannig na nakatira sa bukid na pinagdalhan kay Bugan. Nang umuwi siya ay nagulat siya nung makita ang isang magandang bata sa kanyang tahanan. Nagising si Bugan na takot na takot. Nagsalita ang matanda at sinabing "Huwag kang matakot, ako ang lolo mo". Nakita ni Bugan na mabait ang matanda. Inalagaan niya ito at ibinigay ang mga pangangailangan niya kaya lahat ng utos ng matanda ay sinusunod ni Bugan. Isang araw, hindi makakain si Bugan dahil sawa na siya sa kamote at saging na pinapakain ng matanda. Naawa ang matanda sa kanya kaya sinabi niyang maiwan si Bugan at manghuhuli siya ng isda sa bukid. Umalis na ang matanda upang manghuli ng isda sa bukid. Inalis niya ang sagwil ng palayan kaya umagos ang tubig papunta sa bukid ni Aliguyon. Nakahuli siya ng maraming isda kaya tuwang-tuwa siyang umuwi at niluto ang isda para kay Bugan. Naisipan ni Aliguyon na pasyalan ang kanyang bukid at laking gulat niya nang makitang nag-uumapaw ng tubig ang bukid niya. Galit na galit siya nang makitang galing ang tubig sa bukid ni Banbannig kaya sinugod niya ito. Nang makarating sa bahay ng matanda ay naabutan niya itong nagluluto ng isda. "Anong ginawa mo sa bukirin ko?" tanong niya. Sa puntong iyon ay dumungaw si Bugan sa pintuan. Sumagot ang matanda at sinabing "Nandito kasi ang apo ko na hindi makakain dahil sawa na sa kamote at saging kaya ko naisipang manghuli ng isda". "Paano ka nakahuli e matanda ka na Ibigay mo na sa akin si Bugan at ako na ang bahalang mag-alaga sa kanya", sagot ni Aliguyon. Iniuwi niya si Bugan sa kanyang bahay at doon ay inalagaan nang mabuti kaya lumaking isang napakagandang dalaga ito. Nang lubusan na siyang naging dalaga ay nagpasya si Aliguyon an pakasalan upang maging asawa nito. Namuhay silang masaya.

Hay Nalpuwan di Kil-at ya Kidul	**Ang Pinagmulan ng Kidlat at Kulog**

Online ISSN: 3082-5121
Aloysian Interdisciplinary Journal of Social Sciences, Education, and Allied Fields
https://journals.aloysianpublications.com
Volume 1 Issue 8 (2025)

Wada han duwa an mungayyum an hay ngadan da ya da Kil-at I Kidul. Didan duwa ya kayda hin-agi ten aka ingngoy angah da. *Ohan algo ya eda tinigo Bugan an hiyay kaap-aphodan hidi nan boble da. Didan duwa ya paddung da an pinhod da Bugan hiya nan eda ibag-bagay naminhod da. Mu hay kalyon Bugan ya "Nakabayyag ayu mon duwa an in inila' mu agge inilay pinhodo' ten aka ingngo ayu an makaphodan an linalaki. Nun ingngo ayu go an maphod di ugali na." Kimmali Kil-at ya kalyonay, "Ha'on di piliyom Bugan". Mu himmapit go Kidul ya kalyonay, "Ha'on ayay piliyom Bugan". Hiya nan kalyon mon Bugan di, "Toan agge' inilay piliyok I da'yu an duwa".* *Hidin nala'uy algo ya ninomnom gon nan duwa an e tigon hi Bugan ta ibagaday naminhod da. Mu kalyon gon Bugan di, "Agge talaga inilay piliyok I da'yu an duwa. Da'yu moy munplanu nu ngay aton yu ta matigo nan munbalin hi ahawa'". Ot kuman mo nan duwa ot ume da way ohan duntug ta eda punhummanganan nu ngay aton da an manginnila iinayan Bugan. Nabayag da an munhummangan ya loktat ya munbinnungot da ot munpatte da.* *Innalan Kil-at nan pang-ul ot kalyonay, "Ha'on di pun-inayan Bugan!". Mu himmapit hi Kidul ya kalyonay; ha'on di ustu para I hiya!" Mu namam-ay bungot Kil-at alanan nan nan pang-ul ot itanod nah way awadan di babatu. Lummuh way pigsa nay a nalmu day silaw an matatadom. Hituwey napluwan di kil-at.* *Indani ya namam-ay bungot gon Kidul ot tumkuk. Nabayag an timmanukuk hiya nan makakanling hi ad lagud. Nan tukuk nay a pumigsa an pumigsa hiya nan madngol hi kabobboble.* *Inggana adwani ya agge pay nasolbar nan bungot da Kidul I Kil-at hiya nan madmadngol pay adwani nan kil-at ya kidul.*	May dalawang magkaibigan na nagngangalang Kidlat at Kulog. Silang dalawa ay parang magkapatid dahil sila ay magkamukhang magkamukha. Isang araw, napag-isipan nilang dalawin si Bugan, ang itinuturing nilang pinakamagandang dalaga sa lugar nila. Dinalaw nila upang ito'y ligawan pero sabi ni Bugan "Matagal ko kayong parehong kilala pero hindi ko alam kung sino ang pipiliin ko. Pareho kayong mga makikisig na lalaki at mababuti ang mga ugali". "Ako ang piliin mo Bugan, "sabi ni Kidlat. Sumabad din si Kulog at sinabing; "Ako ang piliin mo Bugan". Kaya sabi ni Bugan, "Ewan ko, hindi ko alam kung sino ang pipiliin ko". Pagkalipas ng ilang araw, napagdesisyonan ng dalawa na dalawin ulit ang dalaga pero hindi pa rin nagbago ang isip ni Bugan. "Hanggang ngayon, hindi ko pa rin alam kung sino ang pipiliin ko. Ang mabuti pa, kayo na lang ang gumawa ng paraan para malaman kung sino ang karapat-dapat na para sa akin". Pumayag ang dalawa at umalis. Pumunta sila sa bundok at nag-usap kung ano ang mabuting paraan para malutas ang problema. Sa kanilang pag-uusap, unti-unting uminit ang kanilang mga ulo hanggang mag-away na sila. Kinuha ni Kidlat ang isang pamalo at nagsabi na, "ako ang nararapat para kay Bugan!" "Ako ang nararapat para sa kanya!" sigaw naman ni Kulog. Lalong nagalit si Kidlat kaya kinuha ang pamalo at malakas na pinalo sa bato. Dahil sa lakas nito, lumitaw ang mga ilaw na matatalim. Ito ang pinagmulan ng Kidlat. Lalo ding nagalit si Kulog kaya lumakas ang sigaw niya. Matagal siyang sumigaw ng sumigaw at bawat sigaw niya ay lalong lumalakas. Ang sigaw niya ay umalingawngaw sa kalangita pati na sa lugar nila. Hanggang ngayon, hindi pa nalutas ang alitan nina Kidlat at Kulog kaya naririnig pa ito sa kalangitan.

HI BUGAN YA NAN GELEW	**SI BUGAN AT ANG DAGA**
Wada han ohan babai an mun ngadan hi Bugan an ahawan Dulnuan. Adi da makaimbabale hiya nan hay kanayun mo attog an aton Dulnuan ya umaneh payo an mun ngunu. Hi Bugan ya mabmabati baleda ta munhaang ya nun ngunu nadan udum an mangunu. *Hidi way bale da ya wada hi Gelew an nakapinpinhod na Bugan mu adina mabalin an*	May isang mag-asawa na nanirahan sa isang bahay. Ang pangalan ng babae ay si Bugan na asawa ni Dulnuan. Sa kasawiang palad, hindi sila nabiyayaan ng anak kung kaya nakatuon na sa gawain sa bukid si Dulnuan samantalang si Bugan ay sa bahay na lang namamalagi na gumagawa ng mga gawaing bahay. Sa bahay na iyon ay may isang daga na nagngangalang Gelew. Matagal na siyang may gusto kay Bugan kaya lang hindi niya masabi-sabi dahil takot siyang

Online ISSN: 3082-5121
Aloysian Interdisciplinary Journal of Social Sciences, Education, and Allied Fields
https://journals.aloysianpublications.com
Volume 1 Issue 8 (2025)

kalkaliyan mipanggep hinan naminhod na te tumakut an adiyan Bugan te waday ahawa na.

Ohan algo ya natigon Bugan an mipapa'e an tigtigon nan Gelew hiya. Hidin kinaliyana ya bimain nan Gelew ot opopyaan ngem gapu ta humanapit hi Bugan ya napilitan an sinungbatana ot ibagana nan naminhod nan hiya. Gapu ta kanayun an duwa dan Bugan an mabmabati way bale ya nalmuy naminhod Bugan I hiya.

Athidi ma'maat hi kabiga-bigat hiya nan nunpohodan dan duwa ta kay mo niyaw-awan hi Dulnuwan muden adina matigo gapuh nan ngunu na. Wae ta imeh Dulnuan hi payo on inayagan Bugan nan Gelew an kalyonay "Gekekelgelew lalalakah-un a, bakakayu ta ya nunhumhumangan ta". On simungbat nan Gelew on kalyonay "Ay adadiyak man te wada Dulnuan, putulonay iwit u ya patayona' I hiya". "Maid hiya te imeh hi payo, nun ngunu ta waday malmu kanon tau", an kalyon pon Bugan. On limahhun hi Gelew on nunbayu da page, inhaang da on nalnalok da. Age nunbayag ya nawadaan hi Bugan ot munhabin. Hay inilan Dulnuan ya hiya nan ama nan golang yaden bokon mu age inbagbagan Bugan an nan Gelew di kid imbabale way inhabin na.

Hanan Gelew ya maka amlong te wada moy imbabale da I Bugan hiya nan wae ta maid hi Dulnuwan on imme ta eda ipapaptok nan imbabale da I Bugan. Ulay nu athidi an mipanapa'e hiya ya maka amlong nu matmatigo na nan unga inggana ot umongal.

mabigo nito dahil may asawa na ito kaya nagtiis na lang siya sa palihim na pagmasid dito.

Isang araw, napansin siya ni Bugan pero naunahan siya ng hiya at di sinagot ang mga tanong ni Bugan. Dahil mapilit si Bugan ay napilitan siyang makipagkwentuhan sa kanya at di sinasadyang nabanggit niya ang lihim na pag-ibig sa babae. Dahil palagi silang magkasama sa bahay kapag wala si Dulnuan ay nabuo ang pagmamahal ni Bugan sa kanya.

Ganyan ang mga nangyayari sa araw-araw kaya parang nababalewala si Dulnuan dahil sa mga trabaho niya sa bukid. Kapag wala si Dulnuan ay tinatawag ni Bugan si Gelew at sinasabing "Gelew labas ka na diyan. Magbayo tayo ng bigas at kakain tayo. Pagkatapos ay magkwentuhan tayo". Sasagot naman si Gelew at sabi "Ayoko, kasi nan diyan si Dulnuan. Baka putulin niya ang buntot ko o di kaya ay patayin ako". Sabi naman ni Bugan "Wala si Dulnuan nasa bukid siya at nagtratrabaho roon". Agad namang bababa si Gelew at magbayo sila ng palay, magluto at kakain. Pagkatapos ay saka sila matutulog.

Ganun ang ginagawa nila araw-araw hanggang sa di inaasahang mabuntis si Bugan. Akala ni Dulnuan ay siya ang ama ng sanggol pero inilihim ito ni Bugan. Laking tuwa naman ni Gelew dahil kahit papaano ay nagkaanak sila ni Bugan. Kontento na siya na palihim na pagmasdan ang anak. Kapag wala si Dulnuan at nasa trabaho, saka siya lumalabas para makipaglaro at maalagaan ang anak.

DA BUGAN I INGUMGUMINIGIN

Ihna han ohan lala'i an hay ngachana ja hi Ingumguminigin an ay ni'halud ad Naliwligwan an fobloy cha Fugan. Hichin nagibfo fonong cha ja infagan Ingumguminigin ay Fugan an umanamot cha fobloy cha. Nuntanum hi hapid hi gway punchapulan cha inan Fugan ot ojonay "Hitoy pangimatuna' nu ihnay maat hi nakiloh ay ha'a. Gwa adja ta natoy toy hapid ja nakiloh chi naat ay ha'a". Ot makak cha Fugan ay Inguminigin an inhaad na gway hape-eng na Fugan ta achi mablay an munchallan.

Hichin inah upan cha han uminuman ot loahon Ingumguminigin hi Fugan ta uminum. Hichin umin inum hi Fugan ja immalih Immamata ot igood na gway ohan ajiw ot mihaad hija gway

SINA BUGAN AT INGUMGUMINIGIN

May isang lalaki na nagngangalang Ingumguminigin na napadpad sa lugar nina Bugan para manligaw. Pagkatapos ng pag-iisang dibdib nila ay sinabi nito na uuwi sila sa kanilang lugar. Pumayag naman ang mga magulang nito pero bago sila umalis ay nagtanim ng isang "hapid" ang nanay nito at sinabing " Kapag namatay ang "hapid" na ito, ang ibig sabihing may masamang nangyari sa iyo". At umalis na ang dalawa.

Noong sila ay nasa daan naisipan ni Ingumguminigin na uminom at magpahinga sandali. Habang umiinom si Fugan ay biglang sumulpot si Immamata at ginapos siya. Pagkatapos ay nilagay niya ang sarili sa "hapeeng" at tahimik na naghintay sa pag-alis nila. Hindi rin napansin ng lalaki na ibang tao ang nasa loob ng basket.

Online ISSN: 3082-5121
Aloysian Interdisciplinary Journal of Social Sciences, Education, and Allied Fields
https://journals.aloysianpublications.com
Volume 1 Issue 8 (2025)

hapeeng. Agguy tinnig Ingumguminigin ot ihapeeng na ot ituluy chan umuy.

Hichi fobloy cha Fugan ja na'leng juy hapid an intanum inan Fugan hija chi inila na an ihnay nakiloh hi naat ay Fugan. Gapu ichuy ja kumkumila cha ay lakay na.

Hichin inaan Fugan chuy good an inpaot Immamata ot tuu-ana Ingumguminigin an ojonay "Ingumguminigin, ehhod mu chin loblobfong u,ilofong un umanamot hi fobloy mi ad Naliwligwan, chen kumkumila cha ama ay ina." Ngem aguy jengngo Ingumguminigin ot taganay ooy.

Hichin inahupan Fugan hi Ingumguminigin ja masdaaw ti agguy na inila nu ngachan juy nihaad gway hapeeng na. Chin tinnig na an hafali chi nihaad ja fimmoho ot ipa'faw na gway utuh Immamata. Inna Fugan chuy lofong na ot ifangad na ad Naliwligwan. Hi Ingumguminigin adja ja intuluy na moh an imanamot hi afong ja.

Samantala, sa bahay ng magulang ni Fugan ay nalanta at malapit nang mamatay ang "hapid" na tinanim ng kanyang ina kaya umiyak ang mga ito.

Nang makalaya si Fugan sa pagkatapos, sinigawan niya ang lalaki pero dahil malayo na ito, hindi nito narinig. Ang sigaw niya ay "Ingumguminigin, hintayin mo ako. Kunin ko yung damit ko sa basket mo at isuot kong bumalik sa lugar namin sa Naliwligwan kasi umiiyak na ang mga magulang ko." Pero hindi siya narinig ng lalaki at patuloy pa rin siya sa paglalakad.

Nang maabutan ni Fugan ang lalaki ay doon niya napansin na ibang babae ang nasa basket nito. Dahil sa galit ay hinulog niya ito sa bangin.

Samantala, bumalik na sa Naliwligwan si Bugan at nakasama ulit ang mga magulang. Si Ingumguminigin naman ay nagpatuloy sa paglakad pauwi sa kanilang lugar.

DA MAPAGANA I KILKILUTTAN

Wada han duwan lalaki an hay ngadan da ya da Mapagana I Kilkiluttan. Hi Mapagana ya mapmaphod di aat na hiya nan dakol naminhod I hiya. Hi Kilkiluttan e ya ad adi aat na te kanayun an makihannu ya mangibtik hi bagin di udum.

Ohan algo ya immeda nanalop hi wael. Pinilin Kilkiluttan nan nakilut an liting te hay inila na ya dakol di maala di te nakilut nan liting. Hay inila na nan nakilut an liting ya gapuh nan kadakol nan dolog ya uggadiw ya munhihinukting da hiya nan makilut nan liting. Hi Mapagana e po yan nan mapagana moy pinili na te iyadin Kilkiluttan nan awadana.

Age inilan Kilkiluttan an dakol di maalan Mapaganah hinan awadana te hidi awadan di dakol an dolog. Hidin umanamut da ya maid ha inalan Kilkiluttan hiya nan inibtik na nan inalan mapagana mu opopyaan hi Mapagana te agena pinhod an makipatte i ibbana.

Han hilong ya wada han tabla an waday ababalin na ta hidin malok hi Mapagana ya kimali i hiya nan tabla ya kalyonay "Adi a malok I haon ta eya' manigo i ha mapmaphod an babai i inayam". Ot kumaan hi Mapagana. Hidin nabigat ya wada han maaphodan an babai an inyanamut nan tabla. Ta hidin tinigon Kilkiluttan ya umamoh ot damagona i Mapaganah nu ngay inat na.

SINA MAPAGANA AT KILKILUTTAN

May dalawang magkaibigan na nagngangalang Mapagana at Kilkiluttan. Si Mapagana ay may magandang ugali kaya marami ang natutuwa at nagkakagusto sa kanya samantalang si Kilkiluttan ay masama ang ugali kaya hindi siya nagugustuhan ng mga tao.

Isang araw, naisipan nilang manghuli ng isda sa ilog. Pinili ni Kilkiluttan ang banda na may malabong tubig dahil akala niya ay marami siyang mahuhuli roon. Ang akala niya sa kayumangging tubig ay maraming isda ang naroroon at nagsisiksikan kung kaya naging kayumanggi ang kulay. Si Mapagana naman ay nagtungo sa bandang malinis ang tubig dahil ayaw ni Kilkilluttan na lumapit siya sa kinaroroonan nito.

Nang sila ay magkita, walang nahuli si Kilkiluttan samantalang maraming nahuli si Mapagana. Dahil dito, ninakaw ni Kilkiluttan ang mga huli ni Mapagana pero tumahimik ang huli dahil ayaw niyang mag-away sila ng kapatid niya.

Nang gabing iyon, matutulog sana si Mapagana nang biglang magsalita ang tabla. "Huwag kang matulog sa akin para maghanap ako ng babaeng mapapangasawa mo." Umalis ang tabla at kinabukasan ay may dala itong napakagandang dalaga na naging asawa ni Mapagana. Nainggit si Kilkiluttan kaya tinanong niya ang kapatid kung paano niya nakilala ang babae. Ipinagtapat naman ito ng kapatid niya.

Online ISSN: 3082-5121
Aloysian Interdisciplinary Journal of Social Sciences, Education, and Allied Fields
https://journals.aloysianpublications.com
Volume 1 Issue 8 (2025)

Imbagan Mapaganah an nan tablay nang- anamut hinan babai. *Umamoh hi Kilkiluttan ta banhona nan tabla. Hidin hilong ya binilina nan tabla an hay mas mapmaphod pay an babai di iyanamut na munbalin hi ahawana. Ot ume nan tabla. Gapu ta adi maphod di ugalin Kilkiluttan an makaamoh ya han baket an munbokbokbok di inalan nan table ot iyanamut na ot ihaggona i Kilkiluttan.* *Makaamlong hi Kilkiluttan hidin bimangunana te waday inyanamut nan tabla iahawana mu hidin tinigona an baket ya nanghimbubungot ot punkolona nan tabla. Hidin natigon Mapaganah ya kinaliyana mu napaki mo nan tabla.*	Nang gabing iyon ay binilin ni Kilkiluttan ang tabla na dapat mas magandang babae ang iuwi niya. Umalis naman ang tabla. Dahil masama ang ugali ni Kilkiluttan, ang nakuha ng tabla ay isang matanda na nagnganganga. Itinabi niya ito kay Kilkiluttan. Nagalit si Kilkiluttan nang malaman niya ito kinabukasan. Dahil dito, nagalit nang husto si Kilkiluttan at sinira niya ang tabla. Pinagsabihan ni Mapagana ang kapatid pero huli na dahil nasira na ang tabla.